
CHILD MARRIAGE IPAGBABAWAL... p.2

WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER
ISSN: 2508-0679
Southern Sparkle News and PUBLISHING
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XI No. 22 MARCH 9-15, 2020 P10.00




# DEPED BATS FOR MORE NON-TEACHING STAFF, GUIDANCE COUNSELORS

p. 5


Education Secretary Leonor Magtolis Briones



## GOVERNOR JONVIC NAMED REGION 4-A PEACE AND ORDER COUNCIL CHAIR

The Department of Interior and Local Government (DILG) has appointed Cavite Governor Juanito Victor "Jonvic" Remulla Jr. as the new Region IV-A Peace and Order Council (POC) chairman. As Regional Peace and Order Council (RPOC) chairman, Remulla, along with other officials, will lead meetings that will discuss peace, law and order concerns in Calabarzon area.


*Namahagi ng financial assistance para sa mga mag-aaral ang pamahalaang lungsod ng Bacoor sa pangunguna ni Mayor Lani Mercado Revilla kasama si Vice Mayor Katherine Evaristo. Naganap ang distribution sa Bacoor National High School sa Tabing Dagat.*

# MOA SIGNING NG ALASKA CORPORATION AT PAMAHALAANG LUNGSOD









p. 2

*MOA SA PAGITAN NG SAN PEDRO CITY PARA SA ALASKA-LIKASAN-BASURA PALIT GATAS--Lumagda sa Memorandum of Agreement sina City Mayor Lourdes S. Cataquiz, City Administrator Engr. Filemon I. Sibulo, Alaska Managing Director Harvey Uong, Corporate Affairs Director Atty. Maria Angela Esquivel bilang pagtutulungan ng Lungsod ng San Pedro at Alaska Milk Corporation para sa "ALASKAlikasan-Basura Palit Gatas" sa programang isinagawa sa Multi-purpose hall, kamakailan. (ROMMEL MADRIGAL/SPPAIO)*




**GOOD DEED.** Cabuyao resident, Franchesca Cagulada, gratefully receives her wallet from SM Santa Rosa security personnel Henry delos Reyes of Herstal Security Agency. Cagulada unwittingly dropped her wallet containing P32,000 and some important IDs while strolling around the mall. SG Delos Reyes chanced upon the said wallet and immediately turned it over to SM's security office who in turn contacted Ms. Cagulada. SG delos Reyes has been diligently serving SM City Santa Rosa for eight years. **PAMELA JANE BAUN**



**SOUTHERN SPARKLE NEWS AND PUBLISHING publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday at Region IV-A, Province of Cavite**

Southern Sparkle News and Publishing — WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER — ISSN: 2508-0679 — The country's news vehicle towards progress and development.

Office Add: Blk. 2 Lot 1 Justinville 2, Palico I, Imus City
Mobile No. 0908-229-6651/ 0927-207-5522/ 0923-4468762
• Tel No. (046) 686-0275
E-mail Add: southernsparklenews@yahoo.com

| | |
|---|---|
| MILAGROS BAGAPORO | Publisher |
| Marra Villegas | Associate Publisher |
| Margie Bautista | Editor-In-Chief |
| Sonny Anarna | Editorial Staff |
| Jerry Guina | Managing Editor |
| Michelle Mendoza | Account Executive |
| Renato Alcoran | Circulation-in-Charge |
| Augusto Laguda | |
| Maricar Lumas | Layout Artist |
| Ernie Serviento | Columnist |
| Billy David Sadik | Reporter |
| Atty. Wilfredo Saquilayan | Legal Counsel |

MEMBER of PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS., INC.
PAPI

Note: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and its writer's/columinist.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Commercial Ad Rate: Per column = Php 200.00

# MOA SIGNING NG ALASKA CORPORATION AT PAMAHALAANG LUNGSOD

SAN PEDRO CITY, Laguna--Idinaos ang paglagda sa Memorandum of Agreement ng Alaska Milk Corporation at City Government ng San Pedro para sa programang "ALASKAlikasan-Basura Palit Gatas" para isulong ang tama at responsableng pagtatapon ng mga basura gayundin ang pangangalaga sa kalikasan na ginanap sa Multi-purpose hall.

Nabatid na sa 5 kilong empty sachets, wrapper, pouches or aluminum foil o anumang sachets ay kapalit ng1 kilong powdered milk ng alaska. Sa 1 kilong plastic naman ang katumbas ay 165 grams ng Alaska na magaganap sa March 24, April 21 at June 23 sa CENRO.

Sa mensahe ni City Mayor Lourdes S. Cataquiz, malaking pasasalamat ang ipinaabot niya sa pamunuaan ng Alaska dahil hindi lang kalusugan ng mga kabataan ang kanilang pinahahalagahan gayundin ang kalikasan.

Ayon naman kay Managing Director Harvey Uong, sa 50 taon ng Alaska ay patuloy ang kanilang pagbibigay ng masustansiyang gatas, hindi lang pangangalaga sa kalusugan gayundin ang makatulong na magkaroon ng malinis na kalikasan. "Kapag sama-sama ang Alaska at San Pedro wala pa rin tatalo sa lahat", dagdag ni Uong.

Dumalo naman sa nasabing programa sina City Administrator Engr. Filemon I. Sibulo, Coun. Kent Lagasca, Coun. Edgardo Berroya, ABC Pres. Diwa Tayao, Department heads, Homeowners Associations, Department of Education at Samahang Kababaihan ng Laguna. **(ROMMEL MADRIGAL/SPPAIO)**

# Child marriage IPAGBABAWAL...

Sakaling maaprubahan ang House Bill 1846, bawal na ang maagang pag-aasawa ng mga menor de edad o ' child marriage' at maituturing itong isang uri ng krimen at pananagutin sa batas ang mga magulang at guardian na mamimilit sa mga menor de edad na mag-asawa ng maaga.

Ayon sa tala ng UN Population Fund, karamihan sa mga babaeng nag-aasawa ng maaga ay nakararanas ng paulit-ulit na pagbubuntis bago pa man sila maging physically matured at matutunan ang 'responsible parenthood'.

Samantala, ang mga batang ina ay doble ang posibilidad na mamatay sa pagbubuntis o magkaroon ng komplikasyon at dalawang beses din delikadong masawi ang kanilang mga sanggol.

Itinakda ng Family Code of tha Philippines na ang legal age of marriage ay 18 taong gulang subalit exempted dito o hindi sakop ang mga Muslim minors.

Sa datos ng UN Children's Fund, 15 porsiyento ng mga babaeng Filipino na edad 20 hanggang 24 ay nakapag-asawa na bago pa man sila tumuntong sa edad na 18.

***Marra Villegas***

# Pagsasaayos ng mga local hospital..

Inisponsoran ni Senator Bong Go ang pagpapasa ng mga panukala na layong maisaayos ang mga lokal na ospital sa bansa upang mapabuti ang access ng mga Filipino sa de-kalidad na serbisyo para sa kanilang kalusugan.

Tinukoy ni Senator Go, Chairman, Senate Committee on Health ang pahayag ng World Health Organization (WHO) ang kahalagahan ng mga ospital sa implementasyon ng universal health care measure.

Matatandaang nilagdaan noon ni Presidente Duterte ang Republic Act 11223 o "Universal Health Care Act". Binibigyan diin ng batas ang patuloy at maayos na pagbibigay ng serbisyo ng gobyerno para sa kalusugan ng mga Filipino. Sa ilalim ng batas, ang bawat Filipino ay awtomatikong kasama sa National Health Insurance Program (NHIP). Nangangahulugan, makakatanggap pa ang bawat isang Filipino ng primary health care services kahit walang Philhealth Identification card.

Sa datos ng DOH noong 2018, halos 65 percent ng mga pampublikong ospital ay "over-crowded". Sa kasalukuyan, ang Pilipinas ay nasa one-to-1,083 bed-to-population ratio, malayong-malayo sa recommended target ratio na one-to-1,000.

Binanggit din ni Go na ang banta ng CONVID 19 ay isang crucial na dahilan kung kaya't kinakailangan maisaayos ang serbisyo ng mga ospital.

Hinimok ni Go ang mga kapwa mambabatas na suportahan ang mga isinusulong niyang panukala na magpapabuti sa pasilidad ng mga government hospital sa bansa.

**Marra Villegas**

Southern Sparkle News and Publishing
ISSN 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.











**CALAMBA CITY.** Pinangunahan ni Kgg. Justin Marc SB. Chipeco, City Administrator Mr. Allan Zacarias at Msgr. Mario Castillo kasama ang mga punong-sangay at mga kawani nang pasinayaan ang bagong kantina na matatagpuan sa loob ng compound ng City Hall nitong nakaraang Marso 3, 2020.

Sinisiguro naman ng mga nagtitinda sa bawat stall na bukod sa masarap, malinis at abot kaya ang halaga ng mga pagkain at inumin. May pagkain pang almusal, tanghalian at mirienda. Dalawang palapag ang naturang kantina at fully airconditioned kung saan kayang i accomodate kahit magkasabay-sabay kumain ang mga empleyado at bisita.

Sa maikling mensahe ng Punong-Lungsod, sinabi niyang panatilihin ang kalinisan ng kantina at pagkatapos kumain ay iligpit ang pinagkainan at ilagay sa washing area, ika nga ng Mayor "CLEAN AS YOU GO."**Photo/caption: Marra Villegas**

# Matuto lang tayong maghintay...



MARRA'S DESK

MARRA VILLEGAS

Muli ang pagpupugay sa aking mga giliw na tagasubaybay. Kung mapapansin ninyo ay medyo naantala ang aking pitak o column sa dahilang hirap na hirap po akong makaaninag ng mga letra gawa ng pagkakabulag ng aking kaliwang mata.

Pero naniniwala ako sa kasabihang, " patience is 'virtue". Kasi kung minadali ko noon ang pag-papaopera ng aking mata na hindi pa ako physically at emotionally ready, laluna financially ready, malamang ay lalong tumaas ang aking blood pressure na maaring makapagdulot ng hindi magandang resulta.

Sa kagandahang loob, labis-labis ang aking pasasalamat kay Congressman Jun Chipeco, Mayor Timmy Chipeco, Vice-Mayor Ross Rizal, Atty. Allan Zacarias at sa lahat ng City Councilors na tumulong sa aking operasyon.

Muli, ang aking lubos na pasasalamat at mananatiling tapat at responsable sa aking pagsusulat sa pagtataguyod ng mga karangalan at papuring tinatamasa ng aking mahal na Lungsod ng Calamba.

*********************************************************

Konting panahon na lamang ay maiibsan na ang matagal na paghihintay, dahil magkakaroon na ng sariling ospital ang Calamba.

Maraming batikos at samut-saring kritisismo ang pinakawalan ng mga makakating dila sa pamahalaan dahil kesyo bakit daw walang sariling ospital ang isa sa pinakamayamang siyudad sa buong Pilipinas. Laging ikinukumpara sa ibang siyudad na may sariling ospital. Kesyo ang pangit pangit daw ng serbisyo at matataray ang mga nurses ng J.P. Hospital kung saan ang pamamahala po nito ay sa ilalim ng Provincial Government. Kesyo bakit kailangan pang dalhin sa Batangas Regional Hospital ang mga taga Calamba. Para sa kabatiran ng hindi nakakaalam, nasasakop po tayo ng ika-4 na rehiyon, ang Calabarzon. Kaya't marapat lamang na doon itakbo ang mga pasyenteng hindi kayang gamutin sa distritong ospital dahil sa kakulangan ng pasilidad at mga pasyenteng walang kakayahang magbayad sa pribadong ospital.

Pati kasalanan ng ibang tao ay ipinupukol sa Mayor. Lahat ng pangit ang nakikita pero ang mga proyektong magaganda hindi nabibigyan ng kredito.

Tulad na lamang ng libreng gamot buwan-buwan, ayuda sa dialysis, ayuda sa mga nangangailangan ng dugo, libreng anti-rabies vaccine sa mga nakakagat ng aso at pusa, medical assistance at hospitalization, laboratory work-up, guarantee letter sa mga accredited hospital para sa chemotherapy at iba pang medical assistance na ipinagkakaloob ng pamahalaang lungsod.

Sinasabi pa nuong iba na buwis naman daw ng taong bayan ang ginagamit para sa ayuda. Tama. Pero hindi magkakaroon ng kaganapan ang proyekto kung wala ang executive at legislative body na sumusuporta sa mga proyektong pangkalusugan.

Sa halip na ipagpasalamat ang mga ayuda na nanggagaling sa pamahalaang lokal para sa kapakanan ng nakararami, puro batikos at kakitiran ng isip ang pinaiiral. Yun iba, wala na ngang naitutulong sa kapwa, pwerhisyo pa.

Darating ang tamang panahon at pagkakataon, dahil ang mga proyekto ng lungsod ay hindi naman nagaganap ng 'overnight'. Hindi iyan palito ng posporo na basta na lamang itatayo o kastilyong buhangin. Maraming bagay ang dapat isaalang-alang at isaayos. Dumadaan sa tamang proseso. Sa mga nagmamagaling at kuda ng kuda..sige nga hinahamon ko kayo..kayo na mag mayor..baka naman mayor sa kulungan ang inyong alam.

Open naman po sa mga suggestions, opinions, maging sa mga criticism ang ating mga nanunungkulan, basta't sanay maging constructive lang. Maging masaya po tayo sa itinatakbong pag-unlad ng ating mahal na lungsod. Muli na naman pong nakabilang at nanguna sa parangal ng Seal of Good Local Governance ang Calamba na iginawad ng Department of Intetior & Local Government (DILG). Pinakamataas na marka ang nakamit ng lungsod in terms of financial management.

Sana before mang-bash...magbasa at saliksikin ang mahuhusay na proyekto ng lungsod.

Happy Birthday

MR. ROGER CUENCO

Executive Assistant
City Government of Calamba

March 14, 2020



Greetings from:
Southern Sparklenews
Management & staff

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE

NOTICE is hereby given that **REYNALDO D. CASTRO, JAN THOMAS A. CASTRO, JAN PAUL A. CASTRO, JOSEPH REY CERICO A. CASTRO and MARIA ANGELICA A. CASTRO** of all legal ages, Filipino and residing at Blk 7 lot 28 Tin Street, Phase 5 Golden City Anabu II, Imus City Cavite, are the legal heirs of the late **GRACE ALFONSO CASTRO,** who died intestate on February 6, 2009 at Dasmarinas, Cavite, left a parcel of land located at lot 28 Blk 7 of the Subd. Plan situated in the Municipality of Dasmarinas Province of Cavite, covered **TCT No. 462401** with an area of **Eighty Eight (88) Square Meter** and was Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the instrument executed before Notary Public Atty. Crisanto u. Pascual Jr. under Doc. No. 413 Page No. 83 Book No. 03 Series of 2019.

**Southern Sparkle News and Publishing**
**March 9, 16 & 23, 2020**

Southern Sparkle News and Publishing
ISSN 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.
VOL. XI NO. 22



*COURTESY VISIT of the elements of Silang Cavite Fire Station to the Office of the Municipal Mayor, Hon. Socorro Rosario "Corie" F. Poblete (2nd from right) last March 2, 2020. (SRFP)*



*CONGRATULATIONS to the elected Board of Directors of Kingsland Palapala Multi Purpose Cooperatives and Transport Services (KPMPCATS) headed by Chairman Raymundo Tavarro (3rd from left) which was held in the multi purpose hall of the La Mediterranean Village Palapala Dasmariñas City.recently. (Sonny Anarna)*



*1st Quarter Meeting of the Amadeo Cavite PNP Municipal Advisory Council headed by PCapt. Rommel C.Dimaala COP, held at Café AmadeoResto at Brgy Dagatan recently*




*At about 10:00 o 'clock in the morning February 28, 2020 PCPl Emma Morada WCPD PNCO under the direct supervision of PCPT ROMMEL C. DIMAALA COP conducted lecture about BPO applications, VAWC law and other pertinent matters relative to the duties of Barangay officials during the Barangay Tanod Training and Katarungang Pambarangay seminar held at St Mary Magdalene Parish Hall. (Amadeo WCPD)*



*Souvenir photo with Amadeo Cavite COP, PCat. Rommel C. Dimaala taken at the Café Amadeo Resto after the 1st Quarter PNP Municipal Advisory Council meeting recently where I am a member for Media .SONNY ANARNA*



*CONGRATULATIONS Tagaytay CCPS personnel under the direct supervision of PMaj Juan P. OrugaJr: That on March 3, 2020 at DENR Training Center Biodiversity Management Bureau Quezon City Tagaytay CCPs Personnel namely PSMS Jude Camitan, PSSG Jimmy Quinto, PSSG Argel Espiritu, PAT Joel Cafirma, PAT JudelMangubat and PCPL Joel De Ocampo were received Certificate of Commendation and Bronze Medal from the DENR under Sec. ROY A CIMATU for the successful appehenssion of three suspects while in their possession of Ten (10) pcs.of endangered species called PANGOLIN. (TCCPS)*



*PNPA CLASS 2020 listened attentively while PMsg Elranie Nuestro, Chief Intel Section TCCPS under the direct supervision of PMaj Juan P. Oruga Jr COP TCCPS, discussed the system of OPLAN TOKHANG wherein the aforesaid Cadets had participated in the actual buy bust operations held recently. PCpl Kim Hayag looked on..(Sonny Anarna)*



*Personnel of Silang, Cavite MPS under the direct supervision of PMajResty E. Soriano ACOP,, attended the Spiritual Upliftment& Growth of Organization facilitated by Pastor Gerardo Medina as part of PNP Internal Cleansing Program. Topics discussed was Proverbs 13:20. (Silang PCR)*




*BELATED HAPPY BIRTHDAY PEMS Oliver A Salazar, MESPOPM Sg Wilfredo A Casalme and PCpl William L Angcanan. Also in photo Amadeo Cavite COP PCapt Rommel C. Dimaala * 2nd from left). (Amadeo Pulis).*




*On March 3, 2020 at about 10:00 in the morning, PSSg Valerie Frias, WCPD Investigator of Silang MPS conducted lecture to a pair of mother and son/daughter of Bgy. Anahaw 1, Silang, Cavite under the direct supervision of PMAJ RESTY E SORIANO, ACOP SILANG MPS. Topics discussed were Anti Violence Against Women and Children( RA 9262), Anti Rape Law( RA 8353), Anti Child Abuse Law (RA 7610) and Sexual Abuse Prevention. (Silang WCPD)*



*On March 4, 2020 at about 1:00 in the afternoon, PSMS AnnalizaMatro, WCPD PNCO of Silang MPS conducted lecture to the Silanguenos PWD Federation during their 3rd Regular Officers, Cluster Leaders and BOD meeting under the direct supervision of PMAJ RESTY E SORIANO, ACOP SILANG MPS. Topics discussed were Violence Against Women and Children( RA 9262), Anti Rape Law( RA 8353), Anti Child Abuse Law (RA 7610), Anti Sexual Harassment (RA 7877) and Sexual Abuse Prevention. (Silang WCPD)*

Southern Sparkle News and Publishing
ISSN 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.





*Pinasyalan ni Cong. Alex AA Advincula si Nanay Rosenda Sayas, 78 taong gulang na nakatira sa Brgy. Malagasang II-E upang personal na kamustahin at tugunan ang ilan sa kanyang mga pangangailangan.*

*Binigyan po siya ng 2 burner gas stove, lpg tank, groceries para makapag simula ng maliit na tindahan, libreng operasyon para sa kanyang mata at pinansyal na tulong.*

# SAMAHANG SENIOR CITIZENS NG GOLDEN CITY, NANUMPA SA TUNGKULIN

ERNIE SERVIENTO




BIÑAN CITY- Masayang nanumpa sa tungkulin ang mga bagong opisyal ng Samahang Senior Citizens ng Golden City Subdivision, Brgy. Canlalay, Binan City noong Pebrero 28,2020. Ang nasabing panunumpa ay isinagawa sa harap ni Binan City Mayor Arman Dimaguila sa Senior Citizens Hall. Ito ay sinaksihan nina Barangay Chairman Ramon Morales at Barangay Kagawad Rupert Almeda at mga kasapi ng nasabing samahan. Sa talumpati ni Mayor Arman Dimaguila ay nangako siya na patuloy siyang tutulong sa mga proyekto ng GC-Senior Citizens. Sa katunayan ay malaki (cont. p.6)

## DepEd bats for more non-teaching staff...

from p. 1

QUEZON CITY, February 28, 2020 — Keen to further reduce teachers' load in school duties, the Department of Education (DepEd) is in continuous talks with the concerned national agencies to grant the needs for more non-teaching staff and guidance counselors.

Education Secretary Leonor Magtolis Briones on Thursday reported on a meeting of the House of Representative Committee of Basic Education and Culture that the Department of Budget and Management (DBM) is favorably considering the request of DepEd for the adding of non-teaching items to its overall budget.

For this year, DepEd was granted additional 5,000 non-teaching items but Briones hopes more slots for administrative or technical jobs will be given to the thousands of schools that the Department is managing.

"It is not enough for our 47,000 public schools but it is already, I believe, a step in the right direction," Secretary Briones said.

DepEd has also reduced the number of school forms needed to be filled out by teachers to 10 from the previous 36 forms after implementing simplified school forms, standardization of format, and updating and reduction of data needed in existing forms.

Solving the guidance counselors' supply problem

The DepEd chief also said that discussion with the DBM and Civil Service Commission (CSC) is ongoing to ease up minimum requirements to attract more guidance counselors in the public school system.

"At this time with Generation Z and the challenges which our learners our facing from society and global developments, kailangan talaga ng guidance counselors," Briones noted.

Briones explained that a public school guidance counselor has a very stringent minimum requirement, needing a master's degree holder, but the government does not offer a competitive salary for practitioners, thus creating a 'problem of supply'.

"We don't have enough graduates that specializes in guidance counselling, and if they are, they are usually in the private sector because the compensation is more attractive," she said.

The Department is working on finding ways with DBM and CSC in solving the disparity in the qualification standards and the salary grade for entry level for guidance counselors as provided by law.###

## Pananaw at payo ni

ERNIE SERVIENTO



# PAGGUNITA SA SEMANA SANTA, ATING PAGNILAYAN

Noong Pebrero 26, 2020 ay simula na ng paggunita ng mga Katoliko sa "Semana Santa" kung saan ay nagpapahid ng abo sa noo ang pari sa bawat nagsimba na tinatawag na "Ash Wednesday". Ito'y simbolo na ang tao'y mula sa alabok at sa alabok din babalik. Ito'y nagpapagunita sa bawat nabubuhay na walang forever sa mundo. Lahat tayo ay mamamatay maging mahirap man o mayaman sa takdang panahon sa iba't ibang kadahilanan tulad ng sakit, aksidente at iba pa. Walang dapat magyabang na di tayo mamamatay dahil malakas ang ating kalusugan, may salapi para may pambayad sa doktor at pambili ng gamot. Dapat nating ilagay sa ating kaisipan na kapag tinawag na tayo ni Lord ay wala na tayong magagawa sapagkat Siya ang may hawak ng ating buhay na ipinagkaloob Niya. Di dapat tayo matakot sa kamatayan, bagkus ay manalangin tayo sa Kanya na bigyan tayo ng mahabang buhay na may taglay na malakas na kalusugan, karunungan at talent. Lagi tayong magpasalmat sa bawat araw na binibigyan tayo ng buhay sa ating paggising, 'di tulad ng iba na 'di na nagigising dahil sa bangungot. At upang matamo natin ang mahabang buhay na masaya at malusog ay dapat tayong magkaroon ng hangarin at misyon sa buhay. Ilan dito ay ang pagdarasal sa ating Panginoon.,pagmamahal at pagtulong sa kapwa at pag-iwas sa pagkakasala. Mahalin natin ang ating pamilya na siyang haligi ng ating lipunan. Iwasan natin ang tatlong ugat ng tukso tulad ng kayamanan, kapangyarihan at katanyagan. Ito ang sumisira sa ating matinong pagkatao kapag dumating sa ating buhay ang mga bagay na ito. Dito pumapasok sa ating pagkatao ang kasakiman, kayabangan at pagkalimot sa ating kapwa-tao. Kapag tayo'y kinalos ng Diyos sa mundong ito, saan kaya tayo pupunta, sa langit ba o sa impyerno, nasunugan ng mga masasamang kaluluwa. Kaya ikaw kapatid, magnilay ka sa at pagpako sa krus ng ating Panginoong Hesukristo upang tubusin ang sangkatauhan sa kasalanan.

# HEALTHCARE SERVICES FOR CAVITE CITY RESIDENTS



Cavite City residents were once again visited by the medical and dental mission team of the provincial government for free health care services on February 13, 2020 at Brgy. 57. More than 800 patients availed the services which include adult and pediatric consultation, dental check-up and tooth extraction. Medical professionals from Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and Cavite City Health Office rendered their services during the health activity with the help of barangay health workers and nutrition scholars. The health mission was requested by Cavite City ABC President Azenith "Apple" Paredes.PICAD

# PNP CHOPPER WITH CHIEF PNP & 3 OTHER GENERALS CRASHED



San Pedro, Laguna - The PNP Chopper with PNP Chief Gen Archie Gamboa crashed just after take off in Barangay San Antonio, San Pedro Laguna at about 8:00Am today.

Gamboa has just finished inspecting the impounding area of HPG in Calabarzon and took off for a command conference at PRO CALABARZON in Camp Vicente Lim, Laguna.

This reporter was on the scene at the time of the crash.

With Gamboa on the chopper were Director for Comptrollership Jovic Ramos... Director for Intelligence M/Gen Magaway, PIO Chief B/Gen Bernard Banac, their respective aide-de-camps and the two pilots.

After take off, the chopper hit a power line that was invisible to the pilot due to heavy dust.

All of them were rushed to the hospital. **ROSELLE AQUINO**

# PULIS KINALADKAD NG BINATILYONG MOTORISTA

SUGATAN ang isang miyembro ng Cavite police nang nakaladkad sa motorsiklo matapos pigilan ang isang pasaway na menor de edad na binatilyo na pinara dahil sa traffic violations sa Naic, Cavite.

Ginagamot ngayon sa Naic Medicare Hospital ang biktimang si Pat John Arlan Quimilat, nakatalaga sa Naic MPS dahil sa tinamong mga sugat sa katawan.

Isinuko naman ng kanyang nanay ang kanyang anak na si alias James. 14, Grade 4 student ng Brgy Munting Mapino, Naic, Cavite na kasalukuyang nasa kustodiya ng Department of Social Welfare ang Development (DSWD).

Sa ulat ni PSSgt Rodrigo Veloso III ng naic MPS, dakong alas-5:00 kamakalawa ng hapon nang nagsagawa ng Oplan sita ang mga miembro ng Naic MPS na kinabibilanagn nina Pat Hubert June Vicedo at Pat John Arlan Quimilat sa kahabaan ng Gov. Drive Road San Roque Intersection sakop ng Barangay san Roque, ng naturang bayan nang parahin nila ang minamanehong motorsiklo ni alias James dahil sa mabilis nitong pagpapatakbo at hindi pagsusuot ng helmet.

Saglit lamang na tumigil ang suspek at tinangka nitong tumakas subalit nahawakan ni Quimilat ang t-shirt ng bata at pinaharurot ang kanyang motorsiklo at sinabiahn pa ng "bumitaw ka kung hindi mamamatay ka" dahilan upang makaladkad ang biktima ng may 7 metro ang layo na nagresulta sa kanyang pagkakasugat.

Dakong alas-7:20 kamakalwa ng gabi nang binitbit si James ng kanyang Nanay upang personal na isuko sa awtoridad.

Kasong Attempted Homicide, paglabag sa RA 10054, RA 4136, Resistance at Disobedience involving one CICL (Child in Conflict with the Law) ang isinampa laban sa suspek.

**MARGIE BAUTISTA**

# 2 INDIAN NATIONAL, INARARO NG SASAKYAN, 1 PATAY

Patay ang isang 21-anyos na Indian national student habang kritikal ang kasama nito nang araruin ng isang kotse habang nasa tabi ng kalsada sa Tagaytay City, Cavite.

Isinugod pa sa Ospital ng Tagaytay ang biktimang sina Meruva Shreehari at Reddappa Pavan, 19, kapwa Indian national at residente ng BF Homes Resort, Las Piñas City pero namatay habang ginagamot ang una.

Arestado naman ang driver ng isang Mitshubishi Sedan na may plakang UKX 932 na si Arthuro Ortiz, 40, binata ng 20, Brgy Asisan, Tagaytay City.

Sa ulat ni Cipriano Contreras III ng Tagaytay CPS dakong alas 12:05 ng madaling araw nang naganp ang insidente sa harapan ng Kuya Egay Restaurant sa kahabaan ng Tagaytay-Nasugbu Road sakop ng Brgy Neogan ng naturang Lungsod kung saan nasa tabi sila ng kanilang motorsiklo sa gilid ng kalsada ang mga biktima nang nasagi sila ng minamanehong Mitsubishi Sedan ng suspek na patungo sa east to west direction ng Nasugbu, Batangas.

Isinugod pa ang dalawa sa ospital subalit nalagutan ng hininga si Shreehari.

**MARGIE BAUTISTA**

# 8 TOURIST POLICE SAKAY NG BANGKA, TUMAOB SA KARAGATAN NG CAVITE

WALONG miembro ng Philippine National Police (PNP)-Tourist Police Unit ng Cavite kabilang ang piloto ang nasagip ng Philippine Coast Guard (PCG)-Cavite nang tumaob ang sinasakyang banca habang papauwi mula sa Corrigidor Island sa Tanza, Cavite.

Kinilala ang mga nasagip na sina PSSg Harry Nahial y Payac (Team Leader), 43; PSSg Andre Abesamis, 37; PSSg Ma. Suzette Bayag-o, 31; PCpl Naty Edas, 33; PCpl Mary Jane Basilan, 38; Pat. Lawrence Palomino, 34; Pat. Nurina Asdi, 37; ; Pat. Glenn Ibasco, 33 at ang piloto ng banca na si Ramon Subay, 43 ng 281, Brgy. 6, Pag-asa St., Julugan, Tanza, Cavite.

Sa naantalang report ng 402nd Maritime Police Station (MAPSTA)-Cavite, dakong ala 1:00 ng Lunes ng hapon nang naganap ang insidente sa karagatan sakop ng bayan ng Tanza, Cavite kung saan galing ang mga miembro ng PNP sa isla ng Corrrigidor matapos na dumalo sa ika - 75th Annivesary of the end of World War II sa nasabing isla.

